Republika ng Pilipinas
Kagawaran ng Edukasyon
Rehiyon VII, Gitnang Visayas
**CITY SCHOOLS DIVISION- TAGBILARAN CITY**
Siyudad ng Tagbilaran

Hulyo 9, 2019

Pandibisyong Memorandum
Blg. 314 s, 2019

**PAMBANSANG KONGRESO SA KATUTUBONG WIKA**

**Sa mga :** Tagapamanihala ng mga Paaralan
Punongguro ng mga Paaralang Pampubliko at Pampribong Elementarya at Sekundarya

1. Alinsunod sa Advisory BLg. 107, s. 2019, kaugnay sa liham ni National Artist Virgilio A. Almario, Tagapangulo, Komisyon sa Wikang Filipino, na may pagdadaos ng **Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika sa 19-21 ng Agosto 2019 sa SMX Convention Center, Lungsod ng Bacolod, Negros Occidental.**

2. Layunin ng Kongreso na mailahad ang halaga at tungkulin ng mga ahensiyang pamahalaan, non-government institution (NGO), mananaliksik at guro sa pangangalaga sa mga katutubong wika; mapataas ang kamalayan ng mga guro sa pangangalaga at ng mga katutubong wika sa pamamagitan ng pagtatalakay sa halaga ng panitikang – bayan na gamitin sa pagtuturo; matalakay ang estado ng saliksik sa mga katutubong wika; mailahad ang ibat-ibang aspekto ng dokumentasyon sa mga katutubong wika; matalakay ang halaga ng katutubong wika bilang pundasyon ng intangible cultural heritage at daluyan ng karunungang-bayan; at mailahad ang adyenda sa pangangalaga ng mga katutubong wika.

3. Bukas ang seminar na ito sa mga guro, mananaliksik, mag-aaral, mga empleyado ng ahensiya ng pamahalaan at organisaysong di-pamahalaan o NGO, at sinumang may interes sa pag-aaral hinggil sa katutubong wika.

4. Diskresyon ng Tagpamanihala ng mga paaralan na magpadala ng kalahok sa Kongresong ito. Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa no-disruption-of-classes policy na nakasaad sa D.O. 9, s. 2005.

5. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaring makipag-ugnayan kay Chinita Ann O. Francisco sa sumusunod na numero (02) 252-1953, 0927-685-6786, 0942-736-5283, o mag email sa kwf.slak@gmail.com, bisitahin rin ang www.kwf.gov.ph at www.facebook.com/angkomisyonsawikangfilipino.

6. Kalakip din nito ang iba pang mga dokumento para sa karagdagang detalye.

7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng advisory na ito.

**NERI C. OJASTRO, Ed.D., CESE**
*Assistant Schools Division Superintendent*
*OIC-Office of the Schools Division Superintendent*

DepEd R07 Advisory No. 107 s. 2019
Hunyo 26, 2019
(In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013, this advisory is issued for the information of DepEd officials, personnel/staff, as well as the concerned public.)

**PAMBANSANG KONGRESO SA KATUTUBONG WIKA**

1. Kalakip nito ang liham ni National Artist Virgilio S. Almario, Tagapangulo, Komisyon sa Wikang Filipino, na may kaugnay sa pagdadaos ng **Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika** sa **19 – 21 Agosyo 2019** sa **SMX Convention Center, Lungsod Bacolod, Negros Occidental.**

2. Layunin ng Kongreso na mailahad ang halaga at tungkulin ng mga ahensiyang pamahalaan, non-governmental institution (NGO), mananaliksik at guro sa pangangalaga sa mga katutubong wika; mapataas ang kamalayan ng mga guro sa pangangalaga at pagpapanatili ng mga katutubong wika sa pamamagitan ng pagtatalakay sa halaga ng panitikang-bayan na gamitin sa pagtuturo; matalakay ang estado ng saliksik sa mga katutubong wika; mailahad ang iba't ibang aspekto ng dokumentasyon sa mga katutubong wika; matalakay ang halaga ng katutubong wika bilang pundasyon ng intangible cultural heritage at daluyan ng karunungang-bayan; at mailahad ang adyenda sa pangangalaga ng mga katutubong wika.

3. Bukas ang seminar na ito sa mga guro, mananaliksik, mag-aaral, mga empleyado ng ahensiya ng pamahalaan at organisasyong di-pamahalaan o NGO, at sinumang may interes sa pag-aaral hinggil sa katutubong wika.

4. Diskresyon ng Tagapamanihala ng mga Paaralan na magpadala ng kalahok sa Kongresong ito. Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *D.O. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

5. Para sa mga karagdagang impormasyon, maaring makipag-ugnayan kay Chinita Ann O. Francisco sa sumusunod na numero (02) 252-1953, 0927-685-6786 (Globe), 0942-736-5283 (Sun), o mag-email sa kwf.slak@gmail.com, bisitahin rin ang www.kwf.gov.ph at www.facebook.com/angkomisyonsawikangfilipino.

6. Kalakip din nito ang iba pang mga dokumento para sa mga karagdagang detalye.

7. Hinihiling ang malawakang pagpapalaganap ng advisory na ito.

JAJ/STJ/MJCD/efp
CLMD

DEPED TAGBILARAN CITY DIVISION
SDS OFFICE
DOWNLOADED
BY ______ DATE: 6/27/19

14 Mayo 2019

**DR. JULIET A. JERUTA**
Panrehiyong Direktor
Kagawaran ng Edukasyon
Lahug, Lungsod Cebu

Mahal na Direktor Jeruta:

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) sa pakikipagtulungan sa Sentro ng Wika at Kultura ng La Consolacion College-Bacolod ay magdaraos ng **Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika sa 19–21 Agosto 2019 sa SMX Convention Center, Lungsod Bacolod, Negros Occidental**. Nais naming hingin ang inyong tulong at suporta sa pamamagitan ng pagpapadala ng guro mula sa inyong rehiyon na lumahok sa naturang Kongreso.

Ang gawaing ito ay bahagi ng pakikiisa ng KWF sa 2019 Taon ng mga Katutubong Wika. Layunin ng Kongreso na mailahad ang halaga at tungkulin ng mga ahensiyang pamahalaan, non-governmental institution (NGO), mananaliksik, at guro sa pangangalaga sa mga katutubong wika; mapataas ang kamalayan ng mga guro sa pangangalaga at pagpapanatili ng mga katutubong wika sa pamamagitan ng pagtalakay sa halaga ng panitikang-bayan na gamitin sa pagtuturo; matalakay ang estado ng saliksik sa mga katutubong wika; mailahad ang iba't ibang aspekto ng dokumentasyon sa mga katutubong wika; matalakay ang halaga ng katutubong wika bilang pundasyon ng intangible cultural heritage at daluyan ng karunungang-bayan; at mailahad ang adyenda sa pangangalaga ng mga katutubong wika.

Bukás ang seminar na ito sa mga guro, mananaliksik, manunulat, mag-aaral, mga empleado ng ahensiya ng pamahalaan at organisasyong di-pampamahalaan o NGO, at sinumang may interes sa pag-aaral hinggil sa katutubong wika.

Limitado lamang sa apat na raan (400) ang tatanggaping kalahok at 'first come, first serve' ang magiging panuntunan. Para sa pagpapareserba ng slot, hinihiling na pumunta sa *kwf.gov.ph/sangay-ng-literatura-at-araling-kultural-slak* at sagutan ang form na may pamagat na **Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika 2019**. Ang pagpapareserba ng slot ay hanggang **30 Hulyo 2019** lamang.

**Halaga ng Rehistrasyon**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Maagang pagrerehistro (early registration)** | PHP2,400.00 | **Regular na rehistrasyon** | PHP3,000.00 |
| Para sa Senior Citizen, PWD, at estudyante na maagang magpaparehistro* | PHP2,160.00 | Senior Citizen at PWD* | PHP2,400.00 |
| | | Estudyante (undergraduate)* | PHP2,400.00 |
| Panahon ng maagang pagpapareshistro | 22 Abril–19 Hulyo 2019 | Panahon ng regular na rehistrasyon | 20 Hulyo–19 Agosto 2019 |
| *kailangang magpakita ng ID | | *kailangang magpakita ng ID | |

Para sa mga maagang magbabayad, ideposito ang halaga sa:

Pangalan ng Account: Komisyon sa Wikang Filipino
Numero ng Account: 1512-1036-30
Bangko: Landbank of the Philippines
Branch: Malacañang

Ipadala ang kopya ng deposit slip sa kwf.slak@gmail.com. Kung senior citizen, PWD, at estudyante, kasamang ipadala ang ID. Dalhin din ang deposit slip sa seminar.

Para sa iba pang impormasyon, makipag-ugnay kay Chinita Ann O. Francisco sa sumusunod na numero (02)252-1953, 0927-685-6786 (Globe), 0942-7365283 (Sun), o mag-email sa kwf.slak@gmail.com, bisitahin rin ang www.kwf.gov.ph at www.facebook.com/angkomisyonsawikangfilipino.

Kalakip nito ang tentatibong programa at advisory mula sa Kagawaran ng Edukasyon. Ang KWF ay akreditadong CPD provider ng Komisyon sa Regulasyon ng mga Propesyon o PRC (Accreditation No. 2018-153).

Aasahan naming ang inyong pakikilahok. Pauna na ang pasasalamat sa suporta sa mga gawain ng KWF.

Sumasainyo,

**VIRGILIO S. ALMARIO, National Artist**
Tagapangulo

## PAMBANSANG KONGRESO SA KATUTUBONG WIKA

Ang Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika ay tumutugon sa pagpapalaganap at pagpapaunlad ng wikang Filipino at mga katutubong wika. Ito ay magtatampok sa pangkalahatang estado ng mga katutubong wika sa Filipinas at sa halaga ng adyendang mabubuo sa pangangalaga nito. Ang tunguhing ito ay lubos na makatutulong sa pagpapataas ng kamalayan na unti-unting hihimok sa pakikisangkot sa pagpapasigla ng mga katutubong wika.

### LAYUNIN

1. Mailahad ang halaga at tungkulin ng mga ahensiya ng pamahalaan, organisasyong di-pampamahalaan o NGO, at guro sa pangangalaga sa mga katutubong wika;
2. Mapataas ang kamalayan ng mga guro sa pangangalaga at pagpapanatili ng mga katutubong wika sa pamamagitan ng pagtalakay sa halaga ng panitikang-bayan na gamitin sa pagtuturo;
3. Matalakay ang estado ng saliksik sa mga katutubong wika; mailahad ang iba't ibang aspekto ng dokumentasyon sa mga katutubong wika;
4. Matalakay ang halaga ng katutubong wika bilang pundasyon ng intangible cultural heritage (ICH) at daluyan ng karunungang-bayan; at
5. Mailahad ang adyenda sa pangangalaga ng mga katutubong wika.

## RESERBASYON NG SLOT

Alinman sa:

1. Magrehistro online. Pumunta sa kwf.gov.ph/sangay-ng-literatura-at-araling-kultural-slak at sagutan ang form na may pamagat na **Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika 2019**. Maaaring magpareserba ng slot hanggang **30 Hulyo 2019.**

2. Isumite ang form na nasa brochure pagkatapos ng seminar.

***May 400 slot lamang kaya 'first come, first serve' ang panuntunan sa pagtanggap ng kalahok.**

## HALAGA NG REHISTRASYON

| | |
|---|---|
| Maagang pagrerehistro (early registration) | PHP2,400.00 |
| Para sa Senior Citizen, PWD, at estudyante na maagang magpaparehistro* | PHP2,160.00 |
| Panahon ng maagang pagpaparehistro | 22 Abril–19 Hulyo 2019 |
| Regular na rehistrasyon | PHP3,000.00 |
| Senior Citizen at PWD* | PHP2,400.00 |
| Estudyante (undergraduate)* | PHP2,400.00 |
| Panahon ng regular na rehistrasyon | 20 Hulyo–19 Agosto 2019 |

*Kailangang magpakita ng ID

## PAGBABAYAD

1. Ideposito ang halaga sa:
   Pangalan ng Account: **Komisyon sa Wikang Filipino**
   Numero ng Account: **1512-1036-30**
   Bangko: **Landbank of the Philippines**
   Branch: **Malacañang**

2. Ipadala ang kopya ng deposit slip sa kwf.slak@gmail.com. Kung senior citizen, PWD, at estudyante, kasamang ipadala ang ID. Dalhin din ang deposit slip sa seminar.

3. Para sa regular na pagbabayad, maaaring sa unang araw ng kongreso o ideposito sa bank account ng KWF.

## REHISTRASYON

PANGALAN: ____________________

KATUNGKULAN: ____________________

INSTITUSYON/TANGGAPAN: ____________________

ASIGNATURANG ITINUTURO: ____________________

ADRES NG TANGGAPAN: ____________________

____________________

TELEPONO: (Mobile) __________ (Landline): ______

E-MAIL: ____________________

PERMANENTENG ADRES: ____________________

____________________

KATUTUBONG WIKA: ____________________

☐ Gusto kong makatanggap ng liham paanyaya hinggil sa Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika na ipadadala sa aking e-mail.

☐ Gusto kong ipadala sa aking email ang DepEd at CHED memorandum/advisory.

☐ Gusto kong makatanggap ng mga pabatid sa pamamagitan ng e-mail at SMS mula sa KWF.

☐ HINDI KO GUSTONG makatanggap ng mga pabatid sa pamamagitan ng e-mail at SMS mula sa KWF.

☐ Isinusumite ko ang form na ito para sa reserbasyon ng aking slot sa Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika sa 19-21 Agosto 2019 sa SMX Bacolod, Negros Occidental.

____________________
LAGDA SA IBABAW NG PANGALAN

Kung nais magpareserba ng slot, ibigay sa KWF staff ang form na ito.

Advisory No. 059, s. 2019
Abril 17, 2019
In compliance with DepEd Order (DO) No. 8, s. 2013
this advisory is issued not for endorsement per DO 28, s. 2001,
but only for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*)

## PAMBANSANG SEMINAR AT KONGRESO NG KOMISYON SA WIKANG FILIPINO

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng Pambansang Seminar na gaganapin sa mga sumusunod na petsa at lugar:

| Aktibidad | Paksa | Petsa/Lugar |
|---|---|---|
| Pambansang Seminar sa Saliksik Pangkultura | 1. Etika at Pilosopiya ng Saliksik,<br>2. Batayang Kasanayan sa Saliksik,<br>3. Estratehiya sa Pagtuturo ng Saliksik,<br>4. Pakitang-turo sa Pagtuturo ng Saliksik sa Elementarya at Hay-iskul,<br>5. Mga Lapit sa Saliksik, at<br>6. Saliksik Pangkultura. | Mayo 9–11, 2019 Don Mariano Marcos Memorial State University (DMMMSU) Agoo, La Union |
| Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika | 1. Katutubong Wika: Halaga, Tungkulin, at Tunguhin;<br>2. Estado ng Saliksik sa mga Katutubong Wika;<br>3. Dokumentasyon ng mga Katutubong Wika:<br>a. Pagbuo ng Ugnayan sa Katutubong Pamayanan,<br>b. Karanasan sa Dokumentasyon, at<br>k. *Archiving* ng Datos.<br>4. Katutubong Wika: Pundasyon ng *Intangible* na Pamanang Kultura (*Intangible Cultural Heritage*):<br>a. Mga Isyu Hinggil sa Pag-aaral ng Panitikang-Bayan, at<br>b. Pagsasalin ng mga Panitikang-Bayan.<br>5. Katutubong Wika: Daluyan ng Kaalamang-Bayan:<br>a. Epikong-Bayan (Luzon, Visayas, Mindanao),<br>b. Salaysay-Bayan (Kuwentong-Bayan, Mitolohiya, Alamat),<br>c. Tulang Bayan, at<br>d. Awiting-Bayan (Luzon, Visayas, Mindanao).<br>6. Adyenda sa Pangangalaga ng mga Katutubong Wika. | Agosto 19-21, 2019 SMX Convention Center, Lungsod Bacolod |

Ang partisipasyon ng mga guro at mag-aaral sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no-disruption-of-classes policy* na nakasaad sa *DepEd Order No. 9, s. 2005* na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tumawag at makipag-ugnayan sa mga sumusunod: Dir. Doa Fortes, Tanggapan ng Sentro ng Wika at Kultura, DMMSU, Agoo, La Union sa mobile: 0906-394-5861 o email: donafortes@gmail.com; Gng. Lourdes Z. Hinampas, Komisyon sa Wikang Filipino, 2/P Watson Building, 1610 JP Laurel St., San Miguel, Maynila sa mobile: 0942-989-2458 o email: jinghinampas@gmail.com; at Bb. Einzoely M. Agcaoili sa email: einzoely8@gmail.com, o telepono: (02) 252-1953 at mobile: 0917-150-8019.

MCR/A-Pambansang Seminar ng KWF
0250–April 11, 2019

KOMISYON SA WIKANG FILIPINO
*Pambansang Kongreso sa Katutubong Wika*
SMX Convention Center, SM City Bacolod
19-21 Agosto 2019

TENTATIBONG PROGRAMA

| | |
|---|---|
| Unang Araw, 19 Agosto | |
| 8:00-9:30 | **Pagpupugay sa Kaarawan ni Manuel L. Quezon**<br>Lungsod Bacolod Plaza |
| | Pambansang Awit |
| | Bating Pagtanggap |
| | Mensahe mula sa KWF |
| | Seremonya (Pag-aalay ng Bulaklak/Pagkilala sa Punong Itinanim ni Quezon) |
| | Pagtatanghal |
| ****************************** | |
| 7:00-10:30 | Pagpapatala ng mga Kalahok<br>SMX Convention Center |
| 10:30-11:00 | Pamaksang Tagapanayam<br>**Katutubong Wika: Halaga, Tungkulin, at Tunguhin** |
| 11:00-12:00 | Paglulunsad ng mga Aklat |
| | Oryentasyon sa mga Kalahok |
| 12:00-1:00 | Tanghalian |
| 1:00-1:40 | Paksa 1: Estado ng Saliksik sa mga Katutubong Wika |
| 1:40-2:00 | Malayang talakayan |
| | **Dokumentasyon ng mga Katutubong Wika** |
| 2:00-2:40 | Paksa 2: Pagbuo ng Ugnayan sa Katutubong Pamayanan |
| 2:40-3:00 | Meryenda |
| 3:00-3:40 | Paksa 3: Karanasan sa Dokumentasyon |
| 3:40-4:20 | Paksa 4: Archiving ng Datos |
| 4:20-5:00 | Malayang talakayan |
| Ikalawang Araw, , 20 Agosto | |
| 7:30-8:30 | Pagpapatala |
| | **Katutubong Wika: Pundasyon ng Intangible na Pamanang Kultura (Intangible Cultural Heritage)** |
| 8:30-9:10 | Paksa 5: Mga Isyu Hinggil sa Pag-aaral ng Panitikang-Bayan |
| 9:10-9:50 | Paksa 6: Pagsasalin ng mga Panitikang-Bayan |
| 9:50-10:20 | Malayang talakayan |
| 10:20-10:40 | Meryenda |
| | **Katutubong Wika: Daluyan ng Kaalamang-Bayan** |
| 10:40-11:40 | Paksa 7: Epikong-Bayan |
| 11:40-12:00 | Malayang talakayan |
| 12:00-1:00 | Tanghalian |
| 1:00-2:00 | Paksa 8: Salaysay-Bayan<br>Kuwentong-Bayan<br>Mitolohiya<br>Alamat |
| 2:00-2:40 | Paksa 9: **Tulang-Bayan** |
| 2:40-3:00 | Malayang talakayan |
| 3:00-3:20 | Meryenda |
| 3:20-4:20 | Paksa 10: **Awiting-Bayan** |
| 4:20-5:00 | Malayang talakayan |
| Ikatlong Araw, 21 Agosto | |
| 8:00-9:00 | Pagpapatala |
| 9:00-10:00 | Paksa 11: Adyenda sa Pangangalaga ng mga Katutubong Wika |
| 10:00-11:30 | Presentasyon ng Resolusyon |
| 11:30-12:00 | **Pampinid na Palatuntunan**<br>Pagtatanghal<br>Pampinid na Mensahe |
| 12:00-1:00 | Tanghalian<br>Pamamahagi ng Sertipiko |
| 1:00 - | Lakbay-Kultura |
| Guro ng Palatuntunan | |